Nagbubuhol ang demonyo sa batok ng ulo ng isa sa inyo, kapag ito ay natulog, ng tatlong buhol, na nagtatapik siya sa bawat buhol [at nagsasabi]: Sumaiyo ay isang gabing mahaba, kaya matulog ka

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Nagbubuhol ang demonyo sa batok ng ulo ng isa sa inyo, kapag ito ay natulog, ng tatlong buhol, na nagtatapik siya sa bawat buhol [at nagsasabi]: Sumaiyo ay isang gabing mahaba, kaya matulog ka. Kung nagising ito saka umalaala ito kay Allāh, may nakakalag na isang buhol; saka kung nagsagawa siya ng wuḍū', may nakakalag na isang buhol; saka kung nagdasal siya, may nakakalag na isang buhol; saka uumagahin siyang masigla, na kaaya-aya ang kaluluwa; at kung hindi, uumagahin siyang karima-rimarim ang kaluluwa, na tamad."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa kalagayan ng demonyo at pakikihamok nito sa tao na nagnanais magsagawa ng ṣalāh sa gabi o madaling-araw. Ang mananampalataya kapag natulog, nagbubuhol ang demonyo sa batok niya – ibig sabihin: sa hulihan ng ulo niya – ng tatlong buhol. Kapag nagising ang mananampalataya, umalaala kay Allāh (napakataas Siya), at hindi tumugon sa mga pasaring ng demonyo, may nakakalas na isang buhol. Kung nagsagawa naman siya ng wuḍū', nakakalas ang isa pa Kung bumangon siya saka nagdasal, nakakalas ang ikatlong buhol at uumagahin siyang masigla, na kaaya-aya ang kaluluwa dahil sa kasiyahan niya sa pagkatuon sa kanya ni Allāh sa pagtalima, habang nagagalak sa ipinangako sa kanya ni Allāh na gantimpala at kapatawaran kasama ng naalis sa kanya mula sa mga buhol ng demonyo at pagpapatamlay nito; at kung hindi, uumagahin siyang karima-rimarim ang kaluluwa, na pinalungkot ang puso, na tamad sa mga gawain ng kabutihan at pagsasamabuting-loob dahil siya ay iginapos sa gapos ng demonyo at inilayo sa kalapitan sa Napakamaawain.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3731